DENR MIMAROPA RECORDS SECTION
RECEIVED
31 JAN 2023
☐ INCOMING BY: ______ ☐ OUTGOING DATS NO. ______

REPUBLIKA NG PILIPINAS
LALAWIGAN NG SILANGANG MINDORO
BAYAN NG MANSALAY
BARANGAY B. DEL MUNDO

Enero 30, 2023

LORMELYN E. CLAUDIO
*Regional Executive Director*
DENR MIMAROPA

Kgg. Ma'am Claudio,

Ako po, kasama ang mga kasamahan sa hanapbuhay ng Pangisdaan dito sa aming barangay ay humihiling para sa Easement Marking Delineation ng isang lugar na kung saan makikita at isinasagawa ang Dry Docking ng aming mga bangka kapag panahon ng Pahingahang Pangisdaan. Nais po naming malaman kung ang kinatatayuan po ng aming mga Palakaya ay sakop pa ng Marine Zone Area.

Sapagkat sa kasalukuyan po ang aming mga Palakaya ay napapa-gitnaan ng isang retention area o "pribadong lupa". Na ang aming katanungan po dito ay ang kaunting retention area o pribadong lupa na ito na siyang ibenebenta na ay nasasakop pa ba ng Marine Zone Area? Gusto po naming mag karoon ng linaw ukol sa problemang ito sapagkat maraming Palakaya ang ma-aapektuhan oras na maibenta ito. Sa oras ng Pahingahang Pangisdaan wala po magiging daan upang maitaas at maibaba na ang mga Palakaya.

Kaalinsabay po nito nais narin po naming humiling ng isang Geodetic Engineer sa inyong ahensiya na siyang maaaring mangasiwa o mag-sasagawa ng Easement Marking Delineation sa aming lugar na nabanggit. Kami po ay tutugon o tutulong din sa aming munting paraan sa abot ng aming makakaya upang maisagawa po agad sa lalong madaling panahon ang aming kahilingan. Sa pamamagitan lamang po ng inyong ilalabas na Easement Certificate kami malilinawan o masasagot sa aming mga tanong.

Ganun din ang kahilingang po ito ay aming hinihiling para sa ika-lilinaw at ikaka-resolba ng bawat partido na may hindi pagkaka-unawaan sa nasabing retention area o pribadong lupa na ibenebenta na.

Maraming-maraming Salamat po sa inyong pagtugon.

*Humihiling,*

FELIX MANIPOL DE ROXAS
Namamalakaya

**Kasamahan sa Hanapbuhay ng Pangingisda na sumama para sa kahilingang ito:**

1. Marieta Del Mundo — [signature]
2. AIZA SAMARITA YASA — [signature]
3. AIDA G. MOREDO — [signature]
4. SORTCHELL REYES — [signature]
5. RANDY SAMARITA — [signature]
6. RENIEL M. REYES — [signature]
7. Jonathan M. Manipol — [signature]
8. ALVIN S. MOREDO — [signature]
9. EDWIN S. MOREDO
10. FLOR D. ATIENZA — [signature]
11. 
12. 
13. 
14. 
15. 

cc.:

**ALLAN L. VALLE**
OIC – PENRO
Calapan City, Oriental Mindoro

**CAESAR E. QUEBEC**
CENRO
Roxas, Oriental MIndoro